# Mga Aktibidad

## para sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*

***Para sa home evening o pag-aaral ng mga banal na kasulatan—o para lang sa paglilibang!***



Setyembre 30–Oktubre 6

### Kahon ng Kayamanan

**PARA SA 3 NEPHI 12–16**

Sabi ni Jesucristo, "Sapagkat kung nasaan ang inyong kayamanan, naroon din ang inyong puso" (3 Nephi 13:21). Dekorasyunan ng mga puso at larawan ng Tagapagligtas ang isang kahon. Pagkatapos ay sumulat o magdrowing ng mga bagay na magagawa mo para maging katulad Niya at ilagay ang mga iyon sa bago mong kahon ng kayamanan. Maaari mong tingnan ang laman ng iyong kahon ng kayamanan tuwing Linggo para ipaalala sa iyo na sundin si Jesus sa linggong iyon!

**Para sa mas maliliit na bata:** Tulungan ang iyong anak na hanapin ang tibok ng kanyang puso o ang tibok ng iyong puso. Pag-usapan kung paanong hindi natin nakikita ang ating puso pero nararamdaman natin ito. Gayundin, hindi natin nakikita ang Diyos pero nararamdaman natin ang Kanyang pagmamahal.



Oktubre 7–13

### Pag-alaala kay Jesucristo

**PARA SA 3 NEPHI 17–19**

Ibinigay ni Jesucristo ang sakramento sa mga Nephita. Itinuro Niya sa kanila na tanggapin iyon upang mapasakanila sa tuwina ang Kanyang Espiritu (tingnan sa 3 Nephi 18:7). Magpunta sa pahina 19 para gumawa ng isang pansabit sa pinto para matulungan kang maalala si Jesus sa buong linggo.

**Para sa mas maliliit na bata:** Basahin nang malakas ang talatang 3 Nephi 18:7 sa iyong maliliit na anak. Sabihin sa kanila na ipatong ang kanilang kamay sa tapat ng kanilang puso sa tuwing maririnig ninyo ang salitang "alalahanin." Pag-usapan kung paano ninyo maaalala si Jesucristo.

Oktubre 14–20

### Pag-iingat ng Isang Talaan

**PARA SA 3 NEPHI 20–26**

Sinabi ng Tagapagligtas sa mga Nephita na mag-ingat ng isang talaan ng itinuro Niya sa kanila at ng mga bagay na nangyari sa kanila (tingnan sa 3 Nephi 23:4, 7–13). Magdrowing o sumulat ng isang mabuting bagay na nangyari sa iyo sa linggong ito. Paano ka napagpala ng Ama sa Langit?

**Para sa mas maliliit na bata:** Kantahin ang awiting "Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 98). Anyayahan ang iyong maliliit na anak na magbahagi ng isang bagay na gustung-gusto nila tungkol sa kanilang pamilya.





MGA LARAWANG-GUHIT NI KATY DOCKRILL

Oktubre 21–27

### Si Jesus ay Naghahatid ng Kagalakan

**PARA SA 3 NEPHI 27–4 NEPHI**

Sa 4 Nephi, nagalak ang mga Nephita dahil sinunod nila si Jesucristo (tingnan sa 4 Nephi 1:15–16). Maghalinhinan sa tahimik na pagsasadula ng mga bagay na ginagawa ninyo para masunod ang Tagapagligtas na naghahatid sa inyo ng kagalakan. Pahulaan sa lahat kung ano ang ginagawa ng taong umaakto.

**Para sa mas maliliit na bata:** Magpakita sa iyong maliliit na anak ng mga larawan ng mga taong nakangiti. Anyayahan silang praktisin ang kanilang masasayang mukha! Pag-usapan kung paano naging masaya ang mga Nephita nang sundin nila si Jesucristo.